Mga Pamantayan sa Trabaho
Ang Iyong mga Karapatan sa Trabaho

Dokumento ng Impormasyon

Ang Employment Standards Act, 2000, na tinatawag ding ESA, ay isang batas na nagtatakdâ ng minimum standards para sa mga lugar ng trabaho sa Ontario.

Sino ang protektado ng ESA?

Kung ikaw ay empleyado sa Ontario, siguro ay protektado ka ng ESA. Hindi nito sakop ang mga pederal na empleyado at ang ilang ibang mga taong nasa mga takdang kategoriya. Mayroong mga eksepsiyon at mga tanging patakaran na umaaplay sa ilang mga empleyado sa ilalim ng batas.

Anong mga saligang karapatan ang protektado ng ESA?

Mga Oras ng Trabaho: Karaniwan, ang mga empleyado ay hindi maaaring utusan o pahintulutang magtrabaho nang higit sa:

- 8 oras bawat araw, o ang bilang ng mga oras sa isang itinatag na araw ng trabaho kung ito ay mahigit sa 8 oras; at
- 48 oras sa isang linggo ng trabaho

Ang empleyado ay maaaring sumang-ayon sa isang kasulatan na magtrabaho nang higit sa mga hangganang ito. Ang ganoong mga kasunduan ay wasto kapag lamang binigyan ng tagapag-empleyo ang empleyado (kung walang trade union) ng dokumento ng impormasyon na inihanda ng ministry tungkol sa mga oras ng trabaho at overtime bago gawin ang kasunduan, at ipinapahayag ng kasunduan na natanggap niya ang dokumento ng impormasyon. Bukod pa rito, ang isang empleyado ay hindi maaaring magtrabaho nang higit sa 48 oras sa isang linggo maliban kung ang tagapag-empleyo ay may pahintulot para sa mga sobrang oras mula sa Director of Employment Standards (mapapailalim sa ilang mga eksempsiyon).

Mga Panahon ng Pahinga: Karaniwan, ang mga empleyado ay dapat may:

- 11 sunud-sunod na mga oras man lamang na walang trabaho bawat araw
- 24 na sunud-sunod na oras man lamang na walang trabaho bawat linggo o 48 sunud-sunod na oras na walang trabaho man lamang sa bawat 2 linggong panahon.

Overtime: Ang karamihan ng mga empleyado ay dapat bayaran ng overtime pay pagkatapos ng 44 oras ng trabaho bawat linggo. Ang overtime rate ay dapat 1 ½ man lamang ng regular rate ng suweldo.

Minimum Wage: Ito ang pinakamababang de-oras na rate na maaaring ibayad ng isang tagapag-empleyo sa isang empleyado.

Minimum Wage Rate	Marso 31, 2010
Karaniwan	$10.25 bawat oras
Mga estudyante*	$9.60 bawat oras

* Ang rate na ito ay umaaplay sa mga estudyante na wala pang 18 taong gulang at nagtratrabaho ng 28 oras bawat linggo o mas kaunti kapag may pasok sa eskwelahan o nagtratrabaho sa panahon ng school break o bakasyon sa summer.

Paunawa: Ang minimum wage ay naiiba para sa liquor servers, mga nagtratrabaho sa bahay, at mga guide sa hunting at fishing. Mangyaring kontakin ang Ministry of Labour para sa karagdagang impormasyon.

Payday: Ang mga empleyado ay dapat bayaran sa isang regular na paulit-ulit na payday at dapat bigyan ng statement na nagpapakita ng kanilang mga suweldo at mga kaltas para sa pay period na iyon.

Bakasyon at Bayad sa Bakasyon: Ang karamihan ng mga empleyado ay kumikita ng 2 linggong bakasyon man lamang pagkatapos ng bawat 12 buwan ng trabaho. Ang mga empleyado ay karapat-dapat na bayaran ng apat na porsiyento man lamang ng kanilang kabuuang suweldo na kinita bilang bayad sa bakayson.

Mga Piyesta Opisyal: Ang isang piyesta opisyal ay ang araw kung kailan karamihan ng mga empleyado ay maaaring mag-day off, nang may bayad para sa piyesta opisyal. Ang Ontario ay may 9 piyesta opisyal bawat taon. Ang karamihan ng mga empleyado ay pinahihintulutang mag-day off sa mga piyesta opisyal, gaano man sila katagal na nagtratrabaho at maging sila'y full-time, part-time, permanente, isang estudyante, o may kontrata para sa limitadong panahon.

Pregnancy at Parental Leave: Ang mga kwalipikadong empleyado ay karapat-dapat na kumuha nang hanggang 17 linggong pregnancy leave at 35 linggo ng parental leave (kung kumuha sila ng pregnancy leave). Ang lahat ng ibang mga kwalipikadong magulang, kabilang ang mga empleyado na buntis na hindi kumuha ng pregnancy leave, ay maaaring kumuha ng hanggang 37 linggo ng parental leave. Ang mga ito ay walang bayad na job-protected leaves.

Personal Emergency Leave: Kung ang isang tagapag-empleyo ay regular na may 50 empleyado man lamang, ang mga empleyado nito ay karapat-dapat na magkaroon nang hanggang 10 araw bawat kalendaryong taon ng walang bayad na job-protected personal emergency leave. Ang leave na ito ay para sa personal na sakit, pinsala o medical emergency, o para sa kamatayan, sakit, pinsala o medical emergency o bagay na kailangang asikasuhin kaagad at na may kinalaman sa ilang mga kapamilya.

Family Medical Leave: Ang mga empleyado ay maaaring kumuha ng family medical leave upang mag-alaga o magsuporta sa ilang mga kapamilya at mga tao para kung kanino ang empleyado ay parang kapamilya, at na may malubhang sakit at maaaring mamatay sa loob ng 26 linggo. Ito ay isang walang bayad na job-protected leave na hanggang walong linggo sa isang 26 linggong panahon.

Paunawa ng Pagtigil sa Trabaho at Bayad: Ang isang empleyado ay dapat magbigay ng paunang nakasulat na paunawa sa empleyado, termination pay sa halip na paunawa, o kombinasyon ng dalawa, kung ang empleyado ay patuloy na nagtratrabaho nang 3 buwan o higit pa at ang kanyang trabaho ay itinigil. Ang katagalan ng pagtrabaho ng empleyado para sa tagapag-empleyo at ang bilang ng mga empleyado na tatanggalin sa trabaho sa isang 4 na linggong panahon ang pagbabatayan ng kung gaano kaaga magbibigay ng paunawa o kung gaano kalaki ang bayad.

Paunawa: Mayroong mga ibang ESA na karapatan na hindi sakop sa polyetong ito at hindi lahat ng mga empleyado ay kwalipikado para sa lahat ng mga karapatan sa ESA. Kontakin ang Ministry of Labour para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga empleyado ay hindi maaaring parusahan dahil ginamit nila ang kanilang mga karapatan

Hindi maaaring takutin, sisantihin, suspindihin, o sa anumang paraan parusahan ng mga tagapag-empleyo ang isang empleyado o pagbantahan siya ng alinman sa mga aksyon na ito dahil ang empleyado ay nagtanong tungkol sa kanyang mga karapatan sa ESA. Kung nangyari ito, dapat kontakin ng empleyado ang Ministry of Labour.

Makakatulong ang Ministry of Labour

Kung sa palagay ng isang empleyado na ang isang tagapag-empleyo ay hindi sumusunod sa ESA, maaari niyang kontakin ang Ministry of Labour para humingi ng tulong. Maaaring inspeksyunin ng Employment Standards Officers ang mga lugar ng trabaho at maaari nito tingnan ang mga posibleng paglabag sa ESA.

Ang mga tagapag-empleyo ay maaaring utusan na: bayaran ang mga suweldo na hindi pa ibinabayad sa mga empleyado, ibalik sa empleyado ang kanyang trabaho, sundin ang mga patakaran ng ESA at/o bigyan ng kompensasyon ang isang empleyado.

Ang mga tagapag-empleyo ay maaari ring isakdal dahil tumutol sila sa ESA. Kung ang mga tagapag-empleyo ay nahatulan, sila'y maaaring multahan at/o mabilanggo.

Paunawa: Dapat kausapin ng mga empleyado na nasa unyon ang kanilang kinatawan sa unyon bago nila kontakin ang Ministry of Labour kung naniniwala sila na ang kanilang mga karapatan ay nilabag.

Pag-file ng claim

Ang claim ay isang paliwanag ng reklamo ng empleyado, at mayroon din itong mahalagang impormasyon tungkol sa empleyado, sa trabaho, at tagapag-empleyo.

Walang gastos upang mag-file ng isang claim at hindi maaaring parusahan ng isang tagapag-empleyo ang isang empleyado dahil nag-file siya ng claim.

Apat na hakbang upang mag-file ng claim:

Ika-1 Hakbang: Kinontak mo na ba ang iyong tagapag-empleyo?

Karaniwan, kinakailangan mong subukang kontakin ang iyong tagapag-empleyo tungkol sa iyong (mga) isyu sa mga pamantayan sa trabaho bego maimbestigahan ang iyong claim. Ang mga isyu ay maaaring ayusin nang mabilis gamit ang paraan na ito. **Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga sitwasyon kung saan maaaring hindi kailangang kontakin ng mga empleyado ang kanilang tagapag-empleyo:**

- Sinubukan mo nang kontakin ang iyong tagapag-empleyo.
- Limang buwan o higit pang panahon nang hindi binabayaran ang utang sa iyo (may mga time limit sa recovery, tingnan ang pahina 5 ng Claim Guide).
- Ang iyong lugar ng trabaho ay nagsara.
- Ang iyong tagapag-empleyo ay nabangkarote o nasa receivership.
- Natatakot kang gawin ito.
- Ang iyong isyu ay walang kinalaman sa pera.
- Ikaw ay nagtratrabaho o dating nagtratrabaho bilang isang live-in caregiver.
- Nahihirapan kang makipag-usap sa wikang sinasalita ng iyong tagapag-empleyo.

- Bata ka pang empleyado.
- Mayroon kang isang kapansanan at dahil dito'y nahihirapan kang kontakin ang iyong tagapag-empleyo, o kaya
- May dahilan na may kinalaman sa isang dahilan sa ilalim ng *Ontario Human Rights Code*.

Kung wala sa mga dahilang nakalista sa itaas ang naglalarawan sa iyong sitwasyon at kung sa palagay mo'y mayroon kang magandang dahilan upang hindi kontakin ang iyong tagapag-empleyo tungkol sa iyong isyu hinggil sa mga pamantayan sa trabaho, magkakaroon ka ng pagkakataong ipaliwanag ito sa Pormularyo para sa Claim.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang **Employment Standards Information Centre sa 416-326-7160 o kaya ang 1-800-531-5551.**

Ang ministry ay gumawa rin ng **worksheets** upang tulungan kang malaman kung ano ang utang sa iyo at tools upang gawing mas madali para sa iyo na kontakin ang iyong tagapag-empleyo. Ang tools na ito ay mahahanap sa booklet na Bago Ka Magsimula at sa Claim Guide.

Ika-2 Hakbang: Kolektahin ang mga mahalagang dokumento

Upang tulungan kang punan ang Pormularyo para sa Claim, maaaring kailangan mong tingnan ang mga mahalagang dokumento tungkol sa kasaysayan ng iyong trabaho at kung paano makokontak ang iyong tagapag-empleyo. Maaaring kailangan mong ipadala ang mga dokumentong ito sa ministry kung ang iyong claim ay iniimbestigahan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung anong mga dokumento ang maaaring kailangan mo, mangyaring tingnan ang "Kolektahin ang mga Mahalagang Dokumento" sa Claim Guide.

Ika-3 Hakbang: Punan ang Pormularyo para sa Claim

Maraming hihilinging detalyadong impormasyon sa Pormularyo para sa Claim. Maaaring abutin ka ng isang oras o higit pa upang makompleto ito.

Ang pangunahing impormasyon na kinakailangan sa iyo ng Ministry ay may asterisk (*). Sa ilang mga kaso, maaari kang kontakin ng Ministry of Labour kung kulang ang impormasyon na kinakailangan sa iyo.

Para sa tulong sa pagsulat sa Pormularyo para sa Claim, magpunta sa aming website sa **www.labour.gov.on.ca/english/es/forms/claim.php** upang malaman kung sino ang makokontak kung nangangailangan ng tulong. Maaari mo rin tawagan ang Employment Standards Information Centre sa 416-326-7160 o kaya 1-800-531-5551.

Oras na nasa amin na ang lahat ng impormasyon na kailangan namin upang imbestigahan ang iyong claim, kokontakin ka namin gamit ang iyong claim number at ang iyong claim ay iimbestigahan.

Ika-4 na Hakbang. Ipadala ang iyong claim sa Ministry of Labour.

Ang bawat isa ay maaaring mag-file ng claim sa mga ganitong paraan.

Online sa**: www.labour.gov.on.ca/english/es/forms/claim.php**. Makukuha mo kaagad ang iyong claim submission number.

Gamit ang Fax sa**:** 1-888-252-4684.

Nang personal sa**:** isang ServiceOntario Centre (1-800-267-8097).

Sa mail sa**:**

Provincial Claims Centre
Ministry of Labour
70 Foster Drive, Suite 410
Roberta Bondar Place
Sault Ste. Marie, ON P6A 6VA

Paunawa: Kung nag-file ka ng iyong claim submission sa pamamagitan ng fax, nang personal, o sa mail, makakatanggap ka ng sulat sa mail na mayroong iyong claim number oras na napatunayan ná ang lahat ng iyong kinakailangang impormasyon. Kung ang iyong claim submission ay kulang ng kinakailangang impormasyon, makakatanggap ka ng sulat sa mail na mayroong iyong claim submission number at isang kahilingang ibigay ang impormasyon.

Ang isang claim submission number ay itinatakda oras na natanggap at inirehistro ng ministry ang iyong Pormularyo para sa Claim. Bibigyan ka ng claim number at ang iyong claim ay itatakda para sa imbestigasyon oras na napatunayan ng ministry na kompleto ná ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

Oras na ipinasok na ang isang claim, maaaring subukan ng tauhan ng ministry na ayusin ang isyu mo at ng iyong tagapag-empleyo. Kung ang isyu ay hindi maaayos, maaaring magsimula na ang imbestigasyon. Ang mga claim ay iniimbestigahan sa lalong madaling panahon. Paiba-iba ang panahon na kinakailangan upang kumpletohin ang proseso.

Paano kontakin ang Ministry of Labour

Tawagan ang Employment Standards Information Centre sa 416-326-7160 o 1-800-531-551 (nang libre), o kaya 1-866-567-8893 para sa TTY para sa mga may kapansanan sa pandinig.

Bisitahin ang seksyon ng Employment Standards sa website ng Ministry of Labour: **www.labour.gov.on.ca** upang i-access ang mga online na publikasyon na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga saligang karapatan na protektado ng ESA.

Mga ibang mahalagang numero

- Ontario Human Rights Commission: 1-800-387-9080 (libreng matatawagan)
- Workplace Safety and Insurance Board: 1-800-387-0750
- Human Resources and Skills Development Canada – Employment Insurance Mga Pangkalahatang Katanungan – 1-800-206-7218 (libreng matatawagan)

Ang impormasyon na ito ay ibinibigay bilang serbisyo sa publiko. Bagama't pinagsisikapan naming siguraduhin na ang impormasyon ay ang pinakabago at pinakawastong maaari, maaaring magkaroon ng mga pagkakamali. Samakatwid ay hindi namin magagarantiya ang pagiging wasto ng impormasyon. Tuwing maaari, dapat siguraduhin ng mga nagbabasa na ang impormasyon ay tama bago nila kilusan ito.

.

©Queen's Printer for Ontario, 2010
Inimprenta sa Canada

ISBN 978-1-4435-4586-0 (PDF)